# Luksang TAGUMPAY

Isinanobela ni
TEOFILO E. SAUCO
Salaysay ni
MIKE VELARDE

man.

Nakalilis ang manggas ng kamisadentro, maluwag ang pagkabuhol ng korbata, nakabukas ang kuwelyo ng kamisadentro at gusot ang buhok, si Rafael ay larawang tunay ng isang wala nang tunay na kapag-apag-asa sa buhay. Ang tanawin iyon at ang walang kaayusang kapaligiran sa loob ng bulwagan at silid ni Rafael, ay nagpapakilala lamang na wala nang kamay na doo'y nagpapala at nag-aayos.

Napansin ni Rafael ang pagdating ni Lucy, nguni, hindi niya kinibo ito. Lumapit itong may masayang mukha at bumati kay Rafael.

—Rafael, hindi mo ako babatiin sa aking kaarawan?

Napatingin lamang si Rafael sa kanyang hindi hinihintay na panauhin, nguni, nagwalang bahala, hindi man kumibo. Humarap sa kanya si Lucy at magiliw na nagsalita

—Alam kong nagtatampo ka sa akin... nakita ko ang tsekeng pinagpilas-pilas mo; nauunawaan kong ang tsekeng iyon ay ihahandog mo sa aking kaarawan, dangan lamang at...

Hindi rin umimik si Rafael; unti-unti nang naghihinanakit si Lucy sa kilos na ipinakikita ni Rafael; sumasal ang tibok ng puso.

—Ang lahat kaipala'y dahil kay Carding, nguni, bayaan mo akong makapagpaliwanag bago mo ako kapootan, Rafael.

—Paliwanag? Ano pang paliwanag ang masasabi mo pagkatapos ng aking nasaksihan at narinig sa pag-uusap ninyo ni Carding? Ibig mo bang ipalagay na ako'y tanga?

—Huminahon ka, Rafael; hindi kita ipinalalagay na tanga; ipinagtatapat ko sa iyong sadyang sinadya ko ang mapalapit kay Carding dahil din sa iyo; iniilagan kong siya'y maghinala sa iyo ukol kay Anita.

Hindi tumugon si Rafael; patuloy ang mahinang tugtog ng grapopono ng "*Racmaninoff's piano Concert*", at dito naukol ang buong kamalayan ni Rafael sa halip na pakinggan ang pinagsasabi ni Lucy.

Ang sumilay na hinanakit ni Lucy sa kanyang damdamin ay nagiging poot habang patuloy na hindi siya pinapansin man lamang ni Rafael. Gumigiti ang luha samantala'y nagtitiim ang mga bagang.

—Aayaw mo ba akong pakinggan, Rafael?

—Para ano pa, wala nang kahulugan ang anumang sasabihin mo sa akin?

—Ah, wala nang kahulugan ngayon. Sinasabi ko sa iyong kailangan ko ang halagang P1,500, huwag nang maging handog mo dahil sa aking kaarawan, kundi upang iligtas lamang ako sa pagka-

## Sa Pagkakapatay Dito Kay Rafael, Pinapananagot Ay Itong si Carding.

pasubo; bukas ng hapon ay ililiting lahat ang mga kasangkapan sa "Cocktail Lounge" kapag hindi ako nakabigay ng halagang iyan, kaya, nais kong malaman sa iyo ngayon kung bibigyan mo ako o hindi ng halagang iyan, naririnig mo ba ako, Rafael?

Napahalakhak lamang si Rafael at ang pagtatapat na iyon ni Lucy ay hindi man nakatigatig sa kanya. Napansin naman nitong marahas man ang paraang iyon ng panghihingi ay hindi niya malalamuyot si Rafael, kaya nagbago ng paraan. Yumakap kay Rafael, ang kanyang mukha ay masuyong idinikit sa mga labi ng lalaki at, parang isang sisiw na lulugo-lugo ay napakakalong sa mainit na kandungan ng inahin.

—Rafael, mapababayaan mo ba ako, pagkatapos ng ating mabuting ipinagsama, pagkatapos na ako'y maging kaaliwan mo sa iyong pangungulila, maging katamisan mo at kasiyahan sa iyong mga kapighatian?

Nguni, hindi rin natigatig si Rafael. Sa loob-loob nito'y gumugol siya nang malaki upang matamo ang mga katuwaang iyon at kasiyahan, na masasabing siyang naging sanhi ng lahat ng kanyang kabiguan sa propesyon, kaya hindi dapat tumanaw ng utang na loob. Samantala, ang huling pagwawalang pakundangan ni Rafael sa mga pagluhog ni Lucy ay naghatid sa hangga ng kanyang maipagpapaumanhin. Sumilakbo ang damdamin ng poot at pagkamuhi kay Rafael; ipinaghagisan ang mga babasaging kasangkapang maabot ng kamay, tinabig ang mga pitsel, botelya at basong nasa harap ni Rafael at pinagbabasag ang mga kristal at salamin.

—Magsalita ka Rafael, bakit ayaw kang magsalita, bakit hindi ka tumugon?

—Marami ka nang binasag na kasangkapan, Lucy; namiminsala ka ng aking mga ari-arian, at inuudyukan mo akong lubos kitang kamuhian at magbasag din ng kasangkapan —pagkasabi niya'y biglang ipinukol ang hawak na basong may laman pang kaunting alak.

Natimbang ni Lucy ang kanyang kalagayan; kung gayong galit na rin si Rafael, maaaring hindi na siya makapagtanggol; tumahimik siya. Samantala'y humalakhak si Rafael.

—Akala mo yata ay malilinlang mo pa ako... hindi na Lucy; ibinigay ko sa iyo ang lahat mong kailangang hingin sa akin, sa paniwala kong sarili kita, nguni, pagkatapos ng nasaksihan ko at narinig, umiibig ka rin kay Carding. Ha, ha, ha! At, ito pa ang mapala ko, na, dahil sa iyong hangad na makapaghiganti kay Anita, ako'y nagpakabaliw na pakasangkapan sa iyong kapritso; bagay na labis ko ngayong pinagsisisihan. Ngayo'y makaalis ka na, sulong, lumayas ka bago malimot ko ang sarili... baka mapilipit ko ang leeg mo... sulong!

—Oo, aalis ako, nguni, kailangan ko munang tanggapin ang halagang kailangan ko P1,500; kung hindi mo ibibigay magsusuplong ako sa maykapangyarihan at kay Carding... sasabihin kong binulag mo si Anita, pagka't hangad mo siyang mapaghigantihan dahil sa pagkapakasal kay Carding.

Dahil sa tangkang iyon ni Lucy, parang sinusuhang pulbura ang damdamin ni Rafael. Binigwasan ng isang mariing sampal si Lucy, at dahil sa pagputok ng mga labi ay dumanak ang dugo sa harapan ng bestido ng dalaga. Sa pagkakalupasay ni Lucy ay dinaluhong pa rin ni Rafael at sinakal iyon, marahil ay sa hangad nang patayin at nang matikom na magpakailan pa man ang matabil na bibig. Nakipaglaban si Lucy at ginamit ang buong lakas. Nakahulagpos sa pagkakahawak ni Rafael, lumayo at siya'y napasandal sa dinding, nguni, nang siya'y muling dadaluhungin ni Rafael, nahawakan ni Lucy ang isang munting estatwang marmol at naipalo sa ulo ng lalaki; nasugatan ito nang malalim at sa malas ay dinamdam ang sugat sa ulo at ang pagdanak ng maraming dugo. Nagliliyab ang mga matang sinibasib na naman si Lucy; ito'y muling napasandal sa isang haligi at nang lalapit si Rafael ay nabigyan ito ng isang matinding sikad; bigla itong nabuwal at ang ulo'y napabagok nang matindi sa sulok ng isang mesa, na siyang ikinawala ng malay-tao at tuloy

(Sundan sa pahina 84)

aking puso ang isang bagong pag-ibig. Kapalaran natin, Bert, ang magkalayo! Dinaramdam ko ang ganap nating paghihiwalay buhat ngayon...

Nalalaman kong may pagtingin ka pa sa akin, Fanny, kung iibigin ko lamang patayin ang bagong pag-ibig na umusbong sa iyong puso. Datapwa't hindi ko magagawa. Pasko pa naman noon nang pagkabuhay. Dapat sikapin ng sangkakristiyanuhan, na, panatilihing buhay ang nangabubuhay, at, tulungang mabuhay ang taong namatayan ng pag-asa. Iyan ang diwa nang muling pagkabuhay ng ating DAKILANG KRISTO, kaya naman buhat noon, Fanny, ay itinuring kong *ginintuan* ang araw na yaon, na siyang saksi sa banal nating pag-iibigan.

—WAKAS—

## SAYANG NA LIGAYA

(Buhat sa pahina 13)

kong damit, na nasa may paanan ng aking kama. Habang nakaku'a ang mga damit pagkatapos mong sabunin ay saka mo naman simulan ang pagwawalis sa bakuran. Kung may tatawag sa telepono at itatanong ako, sabihin mong bukas na siya tumawag, sa ganito ring oras... —ang bilin ni Nena, na sinundan ng pagpanaog, kasunod din ang anak, na sasayaw-sayaw pa at waring ikinagagalak ang nakitang paghihirap ni Rosita sa paglilinis.

Hindi nakalimutan ni Nenang ipagbilin sa pamangkin ang ukol sa tawag sa telepono; nguni't mano man lamang nagunitang sabihin kay Rosita, kung saan ito kukuha ng pananghalian gayong alam na alam niyang wala naman siyang iiwang ulam at kanin, na maaaring makapawing-gutom sa kanyang pamangking pinagtatrabaho niya ng masahol pa sa isang alila.

Tumango lamang si Rosita, at hindi sumagot ng ano man.

Lumulan ang mag-ina sa nagdaraang taksi. Habang tumatakbo ang sasakyan ay tinuturuan ni Nena ang kanyang anak ng sasabihin kung sila'y nakaharap na kay Danilo.

—Lalong mabuti kung mapipilit mong ikaw ay maiyak, at nang lalong maniwala ang iyong daddy, —wika pa ni Nena.

—Magagawa ko, mammy.... Kayang-kaya ko ang mag-iyak-iyakan... Puwede akong artista, mammy... —may pagmamagaling namang sagot ng anak.

—Magaling... Huwag mo lamang kalilimutan ang mga itinuro ko sa iyo, na dapat mong sabihin... Ako na ang bahala sa huli, —nagagalak namang wika ng ina.

Nataunan nilang wala namang maraming ginagawa si Danilo, nang sila'y dumating. Napansin agad ni Danilo ang nangingitim na mata at ang may pinsalang bisig ni Laura.

—Ano ang nangyari sa iyo...? Bakit ka nagkaganyan...? —nagtatakang tanong ni Danilo.

—Iyan ang dahilan kung bakit kami naparito agad, Danny, at hindi ko na nahintay na dumating ka pa sa bahay, upang maibalita ko sa iyo ang nangyari sa aking anak, —biglang sagot ni Nena, na kusang pinalungkot ang tinig, habang kinukusot ang mga mata sa pagsasalita.

—O, e, paano nga ang nangyari...?

Si Laura na ang sumagot na sinabayan ng iyak.

—Daddy, pinagtulung-tulungan ako roon ng mga nag-aaral at ng mga madre...

—Pinagtulung-tulungan? Bakit naman hindi mo inalam agad Nena, kung ano't ginayon nila ang iyong anak...? —ulit na tanong ni Danilo.

—Sa bahay na nagpunta ang dalawang madre, na kasama si Laura, kangina... Akalain mong ang anak ko pa ang pinalilitaw na masama ng dalawang madreng iyon...? At, ang lalong kasakit-sakit, Danny... —ani Nena, na sinimulan na ang pag-iyak, --nang nagpapaliwanagan na kami ng dalawang madre, pagka't ayaw kong maniwala sa kanilang mga kasinungalingan, ay sila pa ang kinampihan ng iyong anak... —patuloy pa ni Nena, na tinapos sa pananangis.

Kinagat ni Danilo ang kanyang labi. Napabuntong-hininga siya habang nakatanaw sa umiiyak na mag-ina. Pagkatapos na dampian ni Nena ng mabangong panyolito ang luha sa mga pisngi niya, ay saka nagsalita uli.

—Danny, ang isa pang dahilan ng biglang ipinarito naming mag-ina, ay upang magpaalam na kami sa iyo...

—Magpaalam....? Bakit....? Saan kayo pupunta...? —punung-puno ng pagtatakang tanong ni Danilo.

—Wala kaming tiyak na puntahan, nguni't mabuti na ang kami'y umalis kaysa manatili kami sa iyong bahay, upang tumanggap ng masasakit na salita, buhat sa iyong anak... —nananaghoy na tugon ni Nena.

—Hindi kita maunawaan, Nena...

Si Laura naman ang sumagot. Nagsalita siyang umiiyak din.

—Mangyari daddy, sinabi ni Rosita, kangina na kami raw ay nabubuhay at lumalamon, sa salaping naiwan ng kanyang namatay nang ina...

—Napakasakit, ang nangyayari sa aming mag-ina... Kung kumakain man kami at kami naman ay dinudusta... mabuti na ang kami'y magpalimos na lamang ng aming kakanin... —sunggab ni Nena, na basag ang tinig dahil sa patuloy na pag-iyak.

—Daddy, masakit sa aming loob, na ikaw ay aming iwan, nguni't...

Hindi na natapos ang sasabihin ni Laura, sapagka't napahagulgol na ng iyak, sabay yakap sa kanyang ina.

Kagat naman ang labing tatangu-tango si Danilo, habang nakapako ang mga mata sa umiiyak na mag-ina.

(ITUTULOY)

## LUKSANG TAGUMPAY

(Buhat sa pahina 11)

ikinamatay.

Samantala, buhat sa barong-barong ni Anita, sadyang tinungo ni Carding ang tahanan ni Rafael, upang ito'y kausapin at hingan ng pa'iwanag dahil sa ginawang pagbulag kay Anita. Hindi niya na'alaman, samantalang siya'y patungo ruon ay nagaganap ang paglalaban ni Lucy at ni Rafael. Nang siya'y malapit na sa bahay na tutunguhin, masasalubong niya


*Wise Parents And Guardians Choose This Institution, Because They Have Seen The Efficiency And*
success OF ITS GRADUATES
*Enroll Them At The*
**DE LUXE FASHION SCHOOL**
Recognized by the Government
The Oldest, Largest & Famous in the Far East



The alma-mater of hundreds of Fashion School Directresses and Thousands of successful Dressmaker, beauticians and tailors in the Philippines, China, Japan, Siam, India, Guam and Borneo.
FAMOUS for great achievement integrity, quality of teaching, square dealing and fairness to students.



CHAMPION in the National & International Fairs
MEMBER
Philippine Especial Vocational Schools Association




All American Schools of Beauty Culture Associated Inc.
Free uniform, scissors, tape-measure notebook, pencil, needles, threads, thimble textbooks, curve ruler and 2 yards muslin. Free supplies, equipment and textbooks also. Free courses in Flowermaking Fancy Jewelry. Enroll your children at 333 E. Cerado-Carriedo-Rizal Ave., Plaza Goiti. No bluffs * No rackets
Mail this coupon and receive Free souvenir Fan and prospectus.
Name ........................
Address ........................



PUSO * ALTA PRESYON * TUBERCULOSIS * ASMA
**DR. MANUEL C. GUZMAN M. D.**
ESPECIALISTA AT CERTIFICADO NG U.S.A.
HARVARD MEDICAL SCHOOL & TRUDEAU MEDICAL SCHOOL
ELECTROCARDIOGRAPHIC * X-RAY * FLUOROSCOPIC APPROCH
9-12 A.M. — 569 Herbosa St. Tondo, Manila — 4-7 P.M.





**DR. V. G. LOPEZ**
Tuberculosis—sakit na lihim—sa bulat at anumang karamdaman sa loob ng katawan. Libre ang Pasilip sa X-Ray tuwing Lunes, Sabado at Linggo ng umaga. May silid pribado para sa mga taga-lalawigan.
Rm. 208 Margarita David Bldg.
Rizal Ave., Kanto ng Azcarraga
Tel. 3-83-57

ang isang pulis, nguni, siya'y nangubli, at nang ito'y makalampas ay saka siya tuwirang nagtungo sa bahay ni Rafael. Nakapinid ang mga pinto, kaya kinailangan niyang mangunyapit sa baging upang makapasok sa isang silid.

Samantalang buong panggigilalas na minamasid ni Lucy ang katawang hindi na kumikilos ni Rafael, nakaramdam siya ng mga yabag sa itaas; kinailangang itago ang sarili at magmatyag. Buhat sa ikalawang palapag ng bahay ay nakita niyang nananaog si Carding at, nakita rin niyang napahinto ng pagpanaog. Ito naman ay parang nabigla, hindi niya inisip man lamang na makikita niya si Ràfael sa gayong ka agayan. Nagtuloy siyang bumaba at siniyasat ang bangkay; napapailing siya at hinagod ng masid ang mga paligid; walang buhay siyang nararamdaman sa mga paligid. Gayunman, siya'y kinilabutan at naitanong sa sarili: sino ang maaaring umutang ng buhay ni Rafael?

Sa mga sandaling iyon ay siyang pagpasok sa bulwagan ng isang utusan. Nang makita nitong nakalupasay ang katawang walang buhay ng kanyang panginoon na na'iligo sa sariling dugo ay napatili nang malakas at humingi ng saklolo.

Bago dumating ang utusan ay nakatalilis na si Lucy, samantalang si Carding ay nanggilalas nang marinig ang tili. Nang siya'y tumindig buhat sa pagkakaluhod sa tabi ng bangkay, ang kanyang kamisadentro, pati ng kamay ay napuno ng dugong buhat sa mga sugat ni Rafael. Naisipan niyang mapanganib ang kanyang kalagayan; maaaring datnan siya ng maykapangyarihan at siya ang dakpin at papanagutin sa pagkapatay kay Rafael, kaya minabuti niya ang lumisan. Hindi na nanaog sa hagdan; nagtungo sa silid at sa isang bukas na bintana ay naghugos, nguni, hindi pa siya nakababa sa lupa ay naramdaman niya ang mahigpit na hawak sa kanyang mga bisig ng isang alagad ng batas.

—Huwag kayong magtatangkang tumakbo, ginoo!

Ginawa ng mga maykapangyarihan ang ukol na pagsisiyasat at pagkatapos na mapag-aralan ng piskal ng Lunsod ang mga katibayang natipon ng mga tiktik na nagsiyasat, ay ipinasyang ipagharap ng sakdal na "asesinato" si Dr. Ricardo Llamas, dahil sa pataksil na pagkapatay sa dating Komandante ng Hukbo, Rafael Butamante.

Nagimbal ng gayon na lamang ang mataas na lipunan sa Maynila, at hindi nila inakala man lamang na ang pagkakakapakasal ni Dr. Llamas sa ipinalagay na balo ng nabalitang namatay na Major Rafael Bustamante, ay humantong sa isang madugong pangyayari.

Ang samahan ng mga manggagamot na kumikilala sa katalinuhan ni Dr. Llamas ay kumilos upang tumulong sa pagtatanggol sa balitang siruhano, subali't anumang paghahangad ng samahang iyon ay walang nangyari.

—Ako'y napasasalamat sa inyo nang marami; nguni ang kinasangkutan kong suliranin ay sarili ko, "personal", at dito'y hindi nakakasama ang dangal ng ating propesyon, kaya huwag na kayong mag-abala, at pagpipilitan kong magtanggol sa sarili, at inaasahan kong ako naman ay magtatagumpay.

Gayundin, ang mga kasamahang doktor sa Ospital sa Dabaw kasama ang mga maykapangyarihan sa lunsod na iyon sa Timog, sa pamamagitan ng pahatid-kawad ay nagsipaghandog din ng tulong, nguni, lahat ay pinasalamatan, at tinanggihan ni Dr. Llamas.

(ITUTULOY)





FREE

MOVIE STAR PICTURES:

1 Postcard size colored picture of your favorite artist (Philippine artist only) will be given to anybody upon request. Copy or cut this coupon and enclose 20 centavos for handling & mailing charges. Send to MR. MODESTO BARTOLOME MOVIE STAR DEPT. 1732 Dart, Paco, Manila

Sir: Please send me the Picture of, ——————————

My name & Address: ——————————


## NANGUNGUSAP NA...

(Buhat sa pahina 78)

ling... —padaing niyang sabi sa kaibigan.

—Nguni't may asawa na siya, Rosenda. Isang kahibangan na lamang ang pag-ukulan mo pa siya ng gunita. Ikaw lamang ang makakatulong sa iyong sarili upang makalimot. Paano kang makalilimot kung sa tuwina ay siya ang iyong aalalahanin, —masuyong alo ni Liling. —Ayaw mong ibaling sa iba ang iyong pansin. . Parang siya na lamang ang lalaki sa dagidig. Marami namang nangingibig sa iyo. Subukin mong umibig na muli. Sa palagay ko'y higit pa ang katangian ni Romulo kaysa kay Miguel.

—Aywan ko Liling... Aywan.. kung bakit ako nagkakaganito. —aniyang mapapabuntung-hininga. —Sa kabila ng lahat, ay pinakaiibig ko pa rin siya. Pinag-aralan ko na ring ibigin si Romulo nguni't hindi pala natuturuan ang puso. Kusa itong tumitibok kapag nakatagpo ng katugong tibukin.

Si Romulo ay matagal nang nangingibig sa dalaga. Hindi masasabing kapos siya sa katangian upang maibig ng isang babae. Tapos ng komersiyo si Romulo at sa kasalukuyan ay palagiang kontador publiko ng isang malaking kompanya. Datapuwa't sa kabila ng katangiang yaon ng binata ay hindi niya maantig ang matigas na puso ng dalaga. At bagama't wala siyang madamang pagtingin sa dalagang pinipintuho ay hindi siya nanghihinawa sa pagkatok sa puso ni Rosenda.

Ilang taon pa ang nagdudumaling lumisan... Namayapa na ang matandang ina ni Rosenda. Malalaki na ang kanyang mga kapatid. Nasa huling taon na ng mataas na paaralan si Nante na kapatid na bunso ni Rosenda. May mga sarili nang hanap-buhay ang dalawa pa niyang kapatid. Dalaga pa rin si Rosenda at patuloy pa rin ang walang sawang pamimintuho ni Romulo. Subali't para kay Rosenda ay si Miguel pa rin ang lalaking nakadambana sa kanyang puso.

—Bakit hindi mo pa tanggapin ang pag-ibig ni Romulo, Rosenda. Batid mo na ang katapatan ng kanyang hangarin sa iyo, — minsan ay nasabi ni Liling sa kaibigan. —Hanggang ngayon ba'y pinapanatili mo pa sa iyong alaala ang isang kahapong natitiyak mong hindi na magbabalik at kung sakali mang magbalik ay hindi mo na maaangkin...?

Nangiti lamang si Rosenda at hindi tinugon ang sinabing yaon ng kaibigan. Alam niya ang paghahangad ni Liling na matulungan siya.

At minsan pang nanukso ang mga pangyayari. Nagkatagpo sina Miguel at Rosenda sa isang pagtitipong kapuwa nila dinaluhan. Kasama ni Rosenda sina Liling at Romulo. May kasama rin si Miguel, pinsan ni Corazon di-umano. Huminging-pahintulot si Miguel kay Romulo na maisayaw si Rosenda.

Nagsayaw ang dating magkasuyo... At lalo nang napatunayan ni Rosenda na di pa napapawi sa kanyang puso ang katauhan ni Miguel. Lalong makisig si Miguel ngayon, at higit namang kaakit-akit si Rosenda sa kabila ng mga taong naragdag sa kanyang gulang.

—Kumusta Rosenda? —basag na tanong ni Miguel sa namagitang katahimikan habang sila'y nagsasayaw.

—Ma-mabuti... —aniyang kasaliw ng malakas na pintig ng nagpupumiglas niyang puso. Ang kaba sa kanyang dibdib ay inilalantad ng gatal sa kanyang tinig. —I-ikaw?... Si Cora, bakit hindi mo siya kasama ngayon?... — iniiwasan niyang masalubong ang titig ni Miguel. Pinipilit niyang patatagin ang kanyang tinig.

—Hindi sana ako dapat nagpunta rito na hindi ko kasama si Cora, —at naramdaman ni Rosenda na tinitigan siya ni Miguel,— nguni't siya ang nagtaboy sa akin upang samahan si Lourdes na kanyang pinsan. Taglay niya ngayon sa sinapupunan ang ikatlong supling ng aming pagsasama.

Muling namagitan ang katahimikan sa kanilang dalawa. Tila nanghahagilap ng sasabihin si Miguel at siya naman ay waring naghahanda ng itutugon. Naramdaman ni Rosenda ang paghigpit ng mga bisig ni Miguel sa kanyang baywang, na hindi niya matutulan. Lalong nagdumalas ang kaba sa kanyang puso. —Matagal ko nang hinangad ang ganitong pagkakataon, Rosenda. upang sabihin sa iyo na hindi ko natagpuan